

Pagsusuring feminismo sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo

Viacrucis, Ferdelyn ✉

Palompon Institute of Technology, Philippines (ferdelyn.viacrucis@pit.edu.ph)

Received: 31 March 2024

Available Online: 5 May 2024

Revised: 28 April 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24805

Accepted: 5 May 2024



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ang pagsusuring feminismo sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo ito ay maging batayan sa pagpapaunlad ng mga pananaw sa kababaihan gamit ang pagbasa ng panitikang Filipino. Ginamit sa pagsusuri ang aspetong diskors, diskriminasyon, tema, at kultural at inihambing ang mga kultural ng mga tula tulad ng pagtanggap at estado ng kababaihan sa lipunan. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang apat na aspektong binabanggit sa pag-aaral tulad ng Diskors, Diskriminasyon, Tema, at Kultural ay pawang positibo o may pagbabago ang mga tugon ng kababaihan. Ito'y nagpapahiwatig na sa pamamagitan ng mga feminismong tulang ito ay nakatulong na naipahahayag ang isang paghuhulma sa kababaihan na imulat ang isipan at damdamin na may magagawa sila na maging tulay nagpagbabago sa kanyang mundong ginagalawan, at naihambing, na magpahanggang sa kasalukuyan nababakas din na magagamit ang feminismong pananaw ng mga tula sa paghugis ng kagandahan tungkol sa kababaihan na may mabuti ding maidudulot sa lipunan na hindi na sila basta-bastang apihin, kayan-kayanin dahil may pantay na kalidad din sila sa lipunan. Nakabuo ng konklusyon ang mananalisis na ang pananaw ng mga tula ni Ruth S. Mabanglo ay may paksa ng mga repleksyon ng pang-araw-araw na pakikisalamuha sa kanilang kapwa at sa mga bagay sa kanilang kapaligiran, at nagtataya ng mga katangiang sadyang likas na maganda.

Keywords: pagsusuri, feminismo, pananaw, tema, kultura, diskors, diskriminasyon

Pagsusuring feminismo sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo

1. Introduksyon

“Ang mga kamay na nag-uugoy ng duyan ay ang mga kamay na nagpapaikot ng mundo...

ang kanyang mga kamay ay hindi lamang sa pag-ugoy ng duyan kundi para tumulong sa Bangka ng pagbabago.”

-Lualhati Bautista

Ang kababaihan ay may mahahalagang papel na ginagampanan sa isang bansa. Sila ang nagsisilang ng mga sanggol na nagiging bahagi ng lipunan. Sila ang nagpapalaki, nag-aaruga at gumagabay sa mga anak tungo sa matuwid na buhay at maging isang mabuting mamamayan. Sila ang namamahala sa kaayusan at kapayapaan ng isang tahanan. Ang kababaihan ay hindi lamang pantahanan kundi sila ay may karapatang makisangkot sa mga gawaing panlipunan at makiisa sa pagpapaunlad ng isang bansa. Sa kabila ng kahalagahan ng mga babae, kapansin-pansin pa rin ang pang-aabuso at pagmamaliit sa kanilang karapatan at kakayahan. Napapanood sa telebisyon at mababasa sa mga peryodiko ang iba't ibang kalagayan. Maging sa mga nasusulat na mga akdang pampanitikan ay maaaninag ang iba't ibang kalagayan ng mga babae. Isa ang panitikan sa mga sulating naglalahad ng mga katotohanan sa buhay, kaya sinasabing ang panitikan ay salamin ng lipunan at larawan ng sangkatauhan.

Ang layunin ng panitikan ay ipakita ang iba't ibang aspekto na bumubuo sa tao at mundo. Pinaniniwalaan kasi ng ilang mga pilosopo at manunulat na walang iisang pananaw ang nag-uudyok sa may-akda na sumulat kundi ang pinaghalu-halong pananaw na ang nais iparating ay ang kabuuan ng pagkatao at mundo. Maraming anyo ang panitikan; may tula, may maikling kwento, may nobela, at may dula. Panitikan ding maituturing ang mga napanood sa telebisyon tulad ng mga teleserye na kinagigiliwan ng mga tao sa kasalukuyan. Bihira na ang nagbabasa ng mga akdang pampanitikan, kahit sa loob ng silid-aralan, batay sa obserbasyon ng mananaliksik, kapag ang paksa ay tungkol ditto, mapapansing ang mga mag-aaral ay walang interes na making, abala sa pakikipag-usap sa mga kaklase, ang iba ay inaaantok at mabibilang lamang ang mga nakikilahok sa talakayan. Unti-unti nang dapat pag-ukulan ng pansin upang muling maibalik ang interes ng mga mag-aaral na basahin ito.

Sa mga akdang-pampanitikang ito, nabasa man o napanood, mapupunang palaging may mga babaing sangkot at kadalasang sa kanila umiikot ang mga pangyayari sa kwento. Mga babaing kakikitaan ng kahinaan, kayan-kayanan ng kalalakihan, sinasaktan at pinagsamantalahan. May ilan naming nagpapakita ng lakas at mga babaing palaban. Ayon pa sa datos na inilabas ng Philippine Commission on Women, sa taong 2009, nasa 9,485 na ang bilang ng kababaihang nakararanas ng pang-abuso. Mas mataas ng 39.6 na bahagdan sa taong 2008 na 5,729. Sa pag-uulat ng Center for Women's Resources (2010), isang intitusyon ng pananaliksik at pagsasanay para sa kababaihan, na sa bawat oras, isang ina o ang kaniyang anak ay binubugbog at sa bawat dalawang oras may isa babae o bata ang ginahasa. Patunay lamang na pataas pa rin nang pataas ang bilang ng kababaihang inabuso.

Hindi lang sa kasalukuyan maaaninag ang abang kalagayan ng kababaihan sa iba't ibang akda. Noon pa man, ani Solidad S. Reyes, ito ay makikita na sa negatibong imahe ng mga babae sa Lumang Tipan na sina Delilah at Batsheba na pawang mga dahilan ng pagbagsak ng dalawang lalaki; at maging sa bibliya na ang turing kay Maria Magdalena ay isang babaeng mababa ang lipad. May mga tao ring mababa ang tingin sa mga babae at isa na rito ang bantog na pilosopo na si Socrates na nagsabing, “Ang pagkakaroon ng babae ang siyang pinakamalaking dahilan at pinagmumulan ng mga kaguluhan sa mundo. Ang babae ay tulad ng isang nakalalasang punungkahoy na ang panlabas na anyo ay maganda subalit sa sandaling ang bunga nito’y kainin ng

isang ibon, agad mamatay.

Saanmang panig ng mundo ay iba-iba at pabagu-bago ang nagigin larawan ng mga babae sa panitikan na hango sa tunay na pangyayari. Isa na rito ang Pilipinas, na sa bawat paglipas ng taon ay nagbabago ang kalagayan ng kababaihan. May panahong sila'y hindi kinikilala t hindi pinakikinggan. Subalit sa pagdating ng taong 1975, naitatag ang National Commission on the role of Women (Ngayon ay Philippine Commission for Women) na nangangalaga sa karapatan ng kababaihan. At sa panahon ng dating Pang. Gloria Macapagal – Arroyo, naipasa ang batas na RA 9170 o ang “Magna Carta for Women” na nagsasaad ng pagbibigay –halaga sa pagkapantbay-pantay ng mga lalaki at babae sa pamamagitan ng pag-alis ng diskriminasyon sa kababaihan. Sa batas na ito ay nakasaad din na dapat pangangalagaan at protektahan ang karapatan ng kababaihan.

Dahil sa batas na ito, ang Pilipinas ay naging ika-40 sa 155 bansang may pantay na pagtingin ang mga lalaki at babae sa bawat isa ayon sa “United Nation’s 2009 Human Development Report.” Ang dating presidente na si Benigno Aquino ay hangad at tanaw niya ang “tuwid na daan”. Ang tema alinsunod s 2013 buwan ng kababaihan ay “Kababaihan: Gabay sa Tuwid na daan”. Ang tema ay nagbigay diin sa kababaihang namumuno at namamahala para sa pagpapaunlad ng feminismong pananaw para suportahan ang mabuting pakikilahok. Ipinakita dito kung gaano kaimportante para sa pagpapalakas ng mekanismo at institusyon na sumusuporta sa kababaihan at para mapalawak ang kanilang partisipasyon.

Marami na ang nagsagawa ng mga pag-aaral hinggil sa kalagayan ng mga babae sa panitikan at ilan na rin ang nagbigay ng kanilang pahayag tungkol sa katayuan ng mga babae sa panitikan. Isa na rito si Dr. Patrocinio Villafuerte na nagsabing, “Ang panitikan ay nasa kamay ng mga lalaking manunulat na sa kanilang mga akda ay naglalarawan sa mga babae bilang mahina, marupok, at tanga, emosyunal at pantahanan lamang.”Ayon pa sa haligi ng feminismong kritisismo na si Virginia Woolf, “lubhang magkaiba ang panulat ng lalaki at babae dahil sa iba ang kanilang karanasang panlipunan. Dahil sa pahayag na ito ni Dr. Villafuerte at paniniwala ni Woolf, naganyak ang mananaliksik na masuri ang feminismong pananaw ng mga tula ni Ruth S. Mabanglo. Hinahangad ng mananaliksik na baguhin ang pananaw ng mga mag-aaral ng panitikan lalong-lalo na sa pananaw ng kababaihan. Malaking tulong ito sa pagbuo ng kanilang personalidad na ang hubugin ang kanilang pagkatao, pag-uugali, kung paano harapin/lutasin ang mga opinion o desisyon sa buhay.

Kaya ang layunin ng feminismong pananaw sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo ay una, makapagpapahalaga sa panitikan sa pamamagitan ng talakayan at/o pagtatalo sa anyong pabigkas o pasulat. Pangalawa makapag-uulat ng mga paksang may kinalaman sa mga batayan tradisyon ng panitikang sarili. Pang-apat, makatatalakay sa pag-unlad ng panitikang sarili at makasusuri ng uri ng pag-unlad nito sa panahon (Casanova, Gonzales, 2006). Ang pag-aaral na ito ay salig sa Teoryang Feminismo, isang teoryang ginagamit sa pagsusuri ng panitikan na nagsasad na kailangang may patas na pampulitika, panlipunan, sekswal, pangkaisipan at ekonomikong karapatan ng kababaihan.

Ang pagsusuring feminismo ay kadalasang tinatawag ding “gender” o “gynocentric” na pagsusuri. Ito ay may layong matuklasan ang kamalayan at tayahin ang mga babae-ang kanilang gawain sa buhay at kung paano sila binigyang buhay sa panitikan. Sa pangunguna nina Elaine Showlater, Tony Moi, at Helen Cixon, ang pagbasang feminismo ay nangangahulugang pagkilala na kung ano ang isinusulat hinggil sa kababaihan ay halimbawa ng mga palagay. Ayon pa rin sa teoryang esensyalismo batay sa pananaw ni Elaine Showlater, na nagsaad na ang esensya o kalikasan ng pagkababae ay tunay na nakaugat sa kung sino ang may-akda, isang babae o lalaki at ipinalalagay na kakaibang karanasan ng kababaihan.

Kahit ang panitikan mismo ay isang institusyong panlipunan at may tiyak na gawaing pangkaisipan, batay sa pinagmulan at pananaw ng may-akda. Ang mga Marksista ay naniniwalang ang mga akda sa panitikan ay mula sa sariling lugar ng maylikha nito at binibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng paglalagay nito sa teksto na may kaugnayan sa mahahalagang usapin hinggil sa pakikipaglaban ng mga tauhan sa kanilang karapatan. Dahil sa isa sa mga layunin ng pag-aaral na ito, ang makita ang estatus at ang pagtanggap ng kababaihan para maiugnay ito sa tunay na kaganapan sa lipunan. Ito ay susuportahan ng teoryang Marksismo ni Karl Marx na nagsasaad na ang

panitikan ay salamin ng lipunan kung saan ito inilathala. Kahit ang panitikan mismo ay isang institusyong panlipunan at may tiyak na gawaing pangkaisipan, batay sa pinagmulan at pananaw ng may-akda.

Kaugnay nito ang teoryang sosyolohikal na tinitingnan ang estatus at pagtanggap ng kababaihan ng mga panlipunang institusyon tulad ng pamahalaan, simbahan, pamilya, paaralan, at iba pa sa pagtatakda ng sitwasyon at oportunidad para sa mga mamamayan nito. Dahil dito ang teoryang feminism ay nasilang bunga ng paghihimagsik sa kaisipang, ang kababaihan ay karaniwang inilarawan sa simplistiko at nakatakdaang paraan-masamang babae/birhen, mayumi/marahas, masamang impluwensya sa kalalakhian, emosyonal, irasyunal, histerikal, walang utak, pantahanan lamang, walang buhay sa labas ng kanyang pamilya; sa madaling salita, ang panitikan bilang institusyon ay isang ahente sa pagpapatuloy ng mga istiryutipo tungkol sa kababaihan na karamihan ay negatibo at hindi nagbibigay ng karampatang pag-unawa sa kanyang pansariling kasalimuutan.

Iba iba ang anyo ng akdang pampanitikan, isa na sa uring ito ang tula. Bawat manunulat ay may kanya-kanyang istilo ng pagpapahayag at kadalasang sila ay nagsusulat ng naaayon sa kanilang nararamdaman, nararanasan, at nasaksihan.

2. Metodohiya

Deskriptibong-kwalitatibong pagsusuri ng feminismong pananaw sa mga piling tula ni Ruth S. Mabanglo ang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Ginamit ang desinyo para sa paglitaw ng mga iba't ibang aspetong nakapaloob ng tula: diskors, diskriminasyon, tema, kultural, estatus at pagtanggap ng kababaihan, at pagtuklas ng isang modelo ng panunuring pampanitikan. Ang pinagkunan ng datos ng pag-aaral na ito ay ang mga aklat, mga disertasyon, mga magasin, at mga artikulo mula sa iba't ibang silid-aklatan ng iba't ibang paaralan. Bilang pundasyon, ang mananaliksik ay nagbasa sa ng mga babasahin na may kaugnayan sa kaugnayan sa paksang pinag-aaralan upang masuri nang mabuti at madaling mabigyan ng pakahulugan ang mga tulang sinuri. Ginamit din ng mananaliksik ang sarili niyang karanasan at obserbasyon sa kanyang kapaligiran sa pagsusuri sa mga tula.

Dahil sa ang mga tula na nailathala ni Ruth S. Mabanglo ay marami, dinaan ng mananaliksik sa sitemang palabunutan ang pagpili ng mga tula na ginamit sa pag-aaral na ito. Lahat ng mga pamagat ng mga tula na nalikom ay isinulat sa maliit na piraso ng papel. Isa-isang pinabunot ang papel sa mga guro na kasamahan ng mananaliksik sa departamento ng Wika at Literatura ang walong sampol ng tula. Ginawa ito upang maging makatarungan ang ginawang pagsusuri. Sa pagkalap ng mga datos sa ginawang mananaliksik upang mabigyang kasagutan ang mga suliraning inilhad sa pag-aaral na ito, ay nangangalap ang mananaliksik ng mga tula ni Ruth S. Mabanglo, Matapos nalikom ng mga tula, ayon sa pamantayang binanggit sa pagpili ng sampol, sa pamagitan ng palabunutan, kinuha ang walong tula ni Ruth S. Mabanglo. Ginaya ang batayan ng pagsusuri na ginamit ni Nenita Papa at Gabay-Pagsusuri na ginamit ni Marquez na umaayon at nakabatay sa mga suliraning nararapat tugunan ng pag-aaral na ito.

Ang disenyong palarawan o deskriptibo ang ginamit sa pagsusuri ng mga tula. Isa-isang binasa ng mananaliksik ang mga tula upang masuri nang maigi ang nilalaman ng tula at ito'y ipinasuri din sa dalawang dalubhasang guro sa Filipino na sina Dr. Mangubat at Prof. Presentacion L. Laurente. Sa pagsuri ng aspetong diskors, aspetong diskriminasyon, aspetong kultural, binasa at inunawang mabuti ang bawat tula at tinukoy ang mga karampatang sagot sa mga tanong sa pamamagitan ng pagkalugod nito. Nilagyan ng pulang marka ang bawat taludtod sa loob ng tula upang madaling matukoy ang galugod ng teksto na siyang makapagpatunay sa paksang inilhad. Sa pagsagot sa tanong kung paano maihambing ang mga kultural ng mga tula ng mga sumusunod; pagtanggap ng kababaihan; estatus ng kababaihan ay sinuri at initindi ang kahulugan ng kultural saka binase ang pagsagot para ihambing ang mga ito sa kasalukuyang estatus at pagtanggap ng kababaihan.

Inihahayag dito sa pagsusuri ang piling tula ni Ruth S. Mabanglo upang lalong lumawak pa ang unawaan ng tao sa kanyang kapwa. Upang mabatid ng mga mambabasa ang kagandahan at kariktan ng kanyang kaisipang isinatitik upang masasalamatin ng mga mambabasa't kalahi ang dalisay niyang tunguhin sa bayan ang ito'y hindi

lamang sa material na bagay kundi mapaigi pang lalo ang pakikitungo sa kanyang kapwa at higit sa Panginoon.

3. Resulta at Diskusyon

Mga Feminismong Pananaw ng Tagatugon sa mga Piling Tula ni Ruth S. Mabanglo ayon sa aspetong diskors, diskriminasyon, tema, kultural.

Pamagat	Diskors	Diskriminasyon	Tema	Kultural
Kung Ibig Mo Akong Makilala	Ang pagiging totoo ng isang babae na ipinapakita niya ng buong tapang sa lalaking iibig sa kanya kahit ano pa ang makita nito. Ipinahayag sa tulang ito ang pagiging palaban ng babae sa kung anuman ang kahihinatnan ng kanyang desisyon. Wala ng takot magdesisyon para sa kanyang sarili.	Ipinakita sa tula na may kalayaan na ang mga kababaihan sa pagpapahiwatig ng interes o damdamin sa paraan mang berbal o sa pamamagitan ng wika ng katawan. Dahil may kakayahan nang magpahayag ang kababaihan ng kanilang mga saloobin, nangangahulugan itong maisusulong nila ang kanilang mga iba't ibang interes at magkakaroon na ng kakayahang magsarili.	Ang pagpapahayag ng tula ay may pantay na kalidad sa lalaki. Walang takot na ipinapakita ng babae kung anong klaseng trabaho mayroon siya. Kung mamahalin ba itong tuluyan sa lalaking umibig sa kanya. Mayroon ng kalayaan ang babae na magdesisyon sa kanyang saili.	Ang posisyon ng babae sa tula ay nabago o naimpluwensyahan ng simbahang katoliko. Kinakailangan pa ring impitin at itago ng kababaihan ang kanilang mga katangian at seksuwalidad, at dapat na magpakita ng kung kawalan ng buong kagustuhan sa pakikisalamuha sa mga lalaki upang mapanatili ang reputasyon at paggalang sa sarili. Nagpapahayag ng kagandahang asal na ang pagiging totoo ng isang tao ay nakapagdulot ng kaginhawaan at katiwasayan ng damdamin at isipan. Na sa ating pagkatao mapalalaki man o mapababae ay may pantay tayong nararamdaman. Naipakita sa tulang ito na ang babae ay may magandang halimbawang maipapakita sa lipunan.
Pilipino Ako	Ang mga linyang ginamit sa tula ay payak, madaling maintindihan ng mga mambabasa. Mapapansin sa tulang ito ang pagiging palaban ng babae na maipakita ang kanyang pinanggalingan	Dahil ang tula'y nagpapakita ng paglalahok ng kababaihan sa pagpapalago ng sariling bayan, nag-uukol ito sa ideyang may lakas ang mga kababaihan sa mga usaping kaugnay sa bansa. Nagbubunyag din ito nang muling pagkabuhay sa pagkakaroon ng kapangyarihan ng kababaihan sa pamamagitan ng pamaraang pulitikal at ekonomikal.	Ang pagiging palaban ng babae ang umiiral sa tulang ito, walang kinikitaan ng takot ang naramdaman ng babae sa tula. Ipinahihiwatig nito na ang babae ay kapakanan lang ng mahal sa buhay ang kanilang iniisip, na kahit anong pait ang maramdaman nila nais pa ring makilala nang lubusan ng mga mahal na naiwan sa kanyang pakikipagsapalaran. Ipinapahiwatig ditto na, maging babae man ay matapang pa ring	Ang kababaihan ay gumanap ng malaking bahagi sa pagpapalago at pagmamahal sa bayan. Nakatatak na sa paniniwala ng mga kababaihang Pilipino na mahalaga ang kanilang bayan at ang kanilang indibidwal na pagkakakilanlan ay mahigpit nan aka-ugnay sa tinubuang-bayan

			suungin ang lahat makilala lang ang lupang kinagisnan.	
Pinay sa Sydney Airport	Nailarawan ng maigi ang wikang ginamit ng akda. Pagmamalasakit ng isang babae sa kanyang pamilya at labis na pag-aaruga at pagmamahal ang kanyang ginagawa. Ang lahat gagawin niya maibigay lamang ang pangangailangan ng anak. Nakikita sa tulang ito na may pantay na obligasyon ang mag-asawa pagdating sa kapakanan ng mga anak.	Naipapakita ng tula ang pagbabago ng papel ng mga kababaihan hinggil sa pamilya at trabaho. Dahil sa kakayahang pagsabayin ang pangangalaga ng pamilya at propesyon, nakatitiyak ito sa kalayaan ng kababaihang magsarili at mahawakan ang obligasyon nito sa mag-anak. Ito ay nagbibigay daan sa pagkakaroon ng pagkakapantay-pantay sa kalalakhian	Tungkol sa buhay ng pinay na umuwi galing sa pagtrabaho sa ibang bansa ang tulang ito. Ang babae ay matapang at malakas ang loob na harapin ang katotohanan ng buhay. Malaya nang makapagtrabaho sa ibang bansa sapagkat alam nilang doon sila kikita nang malaki.	Ang papel ng kababaihan sa pamilya ay nagkaroon ng makabuluhang pagbabago. Ang kababaihan noon ay tinatanaw bilang mga dakilang tagabahay ngunit sa ngayon sila ay gumaganap na bilang tagataguyod sa sariling pamilya. Sa loob ng tatlong dekada, sila ay tinatanaw bilang mga bagong tagapagtustos. Bagamat may malaking pagbabago, nananatili pa rin ang papel ng kababaihan bilang tagapag-alaga ng mga anak at pagpapanatili ng maayos na tahanan. Dahil ang kababaihan ay may matatag na pamumuno sa pamilya at trabaho, natanggap na ng lipunan ang bagong papel na ginampanan nito.
Liham ni Pinay sa Japan	Ang pagpapahayag ng tula ay may pantay na kalidad sa lalaki. Ibig sabihin nito, ang babae ay may kalayaan nang makapaghanapbuhay hindi na nakatali sa mga gawaing bahay lamang bagkus sila ay malaya nang nakapupunta sa ibang bansa upang doon magtrabaho. Para matupad ng babae ang pangarap sa buhay.	Ang tula ay tumutukoy sa pakikipagsapalaran ng kababaihan sa ibang bansa para masuportahan ang pamilya, nabibigyan na sila ng damdaming may mataas na pagtingin, karangalan at pagkakapantay-pantay ng pagkamit ng mga karapatan sa paksang panghanapbuhay.	Ang tulang ito ay may temang angkop sa mga mambabasa na dito may maganda ng mapupulot na maaaring ang babae ay may kalayaan ng gawin ang nais nila sa buhay at Malaya na rin silang makapagdesisyon para sa kanyang sarili.	Ang babae sa tula ay gumanap bilang isang entertainer sa Japan para masuportahan ang pamilya na naiwan sa Pinas. Sa panahon ngayon, nakikipagsapalaran na ang kababaihan sa mga dayuhang lugar upang gampanan ang kanilang papel sa pagsusuporta ng pamilya, kahit ano pa man ang trabaho doon. Ipinakita sa tula na handing harapin ng kababaihan ang anumang kahirapan at kaakibat na lungkot at kahihiyan kung ito'y para naman sa kabutihan ng pamilya.
Kamanyang kay Tita Terry	Ang buong wika na ginamit ay nabigyan ng angkop na pagpapahayag. Ipinahihiwatig nito, na ang babae ay matapang at malakas ang loob na harapin ang katotohanan ng buhay.	Nagpapahiwatig ng kalayaan sa paglalalok sa mga usaping panlipunan ng mga kababaihan ang tula. Ang ibig sabihin nito'y inaalís na ang pagkahilig sa panig ng iisang kasarian lamang at natutunan nang	Ang babae ay Malaya nang naka pagpapahayag ng kanilang damdamin, sarili, at malayang makapagdedesisyon para sa sarili. Ito ay nagpapahayag ng pagkapantay ng pagtingin. Babae	Ang aktibong partisipasyon ng kababaihan sa lipunan ay nakatutulong sa pagpapalago ng bayan. Ang kababaihan ay gumanap ng isang espesyal na papel sa pangkalahatang pag-unlad ng bansa.

Pagsusuring feminismo sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo

		tanggapin ang mga aktibidad at mga mungkahi ng kababaihan.	mang maituring ngunit may maganda naming hangarin sa lipunan.	Sa ngayon, ang kababaihan ay gumaganap ng iba't ibang papel at pumapasan ng iba't ibang responsibilidad.
Ang mga Balita	Naihayag nang maayos ang bawat wikang umiikot sa tula. Ipinahiwatig dito na ang kababaihan ay kumalinga din sa kung anong nangyayari sa lipunan. Malaya na silang makisangkot sa kung ano ang kanilang napapansin sa kapaligiran. Mayroon na silang laya na marinig ang kanilang tinig.	Dahil ang tula'y nagpapakita ng pagiging palaban ng kababaihan sa diskriminasyon at pagmamasakit sa mga mas superior na tauhan, nangangahulugan ito nang paglaban din nila para matamo ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa karapatan, responsibilidad at pakikitungo.	Binago ang kinagisnang kaugalian ng lalaki nang pumunta sa ibang bayan, ang tema ng tulang ito. Ipinakikita dito na ang babae ay malaya nang naipahatid ang kanyang naobserbahansa kapaligiran.	Ang kababaihan ay gumaganap ng nangangahulugang papel sa mga punyaging pang-industriya. Dahil nakikipagsapalaran na rin sila sa ibang bansa, ang kababaihan ay natuto nang lumaban sa diskriminasyon at pamamasakit na ginawa ng mas superyor na mga tauhan.
Ang Aking mga Namatay	Nailarawan ng may-akda ang nais ipahayag ng tula. Mababasa ang hinagpis, kalungkutan ng isang babaeng nawawalan ng pamilya ngunit patuloy itong lumaban para sa katahimikan ng mga mahal sa buhay.	Ipinakakahulugan ng tula na dahil sa pagiging sadyang mapagmahal sa mga mahal sa buhay ng mga kababaihan, mas kinilala at tinanggap ng lipunan ang mga karapatang nagpapausbong sa kalayaan ng kababaihan sa pagkalinga ng kapwa at pamilya.	Ay may temang nauukol sa pagkasira ng buhay at tuluyan ng pagkamatay ng mga mahal sa buhay dahil sa di-maayos na relasyon sa kaniyang kapwa. Bagamat ganito ang nangyayari patuloy pa ring nakikibaka ang kababaihan at ito ay matapang na hinarap ang hamon ng buhay sa pamamagitan ng pagdarasal.	Ipinakita sa tula ang mga babae bilang mga maalahanin, tuwiran, at mapagmahal sa mag-anak. Ipinapakita dito na ang pangunahing papel ng kababaihan ay nakatuon pa rin sa mag-anak at mga mahal sa buhay kahit ang mga ito ay maaaring wala na sa mundo. Dahil sa ganitong kaisipan, ang lipunan ay may mataas na pagtingin sa kababaihan.
Babaylan	Nailarawan nang maayos ang wikang ginamit ng may-akda. Ang mapait na bunga ng kalupitan ng isang babae na nag-ugat sa nakaraan ang naging pahayag ng tula. Ang babae ay matapang at malakas ang loob na harapin ang katotohanan ng buhay.	Dahil naipapakita ng tula ang likas na pagiging mapagmahal at dedikadong indibidwal sa mga taong sila ay kaugnayan, nangangahulugan itong may kapantay na boses sa pamamahala at kapantay na pagkakataon sa paglinang ng mga kakayahang ibinigay ng Maykapal para matamo ang buong pagkakapantay-pantay ng karapatan ng kababaihan at kalalakhian	Ay may temang tungkol sa Poongmaykapal na siyang lagging sandalan ng mga babae sa lahat ng panahon. May kalayaan na ang babae na makapagpasya para sa kanyang sarili. Tapat magmahal ang isang babae kaya kahit wala n ang mga mahal sa buhay patuloy pa rin itong ipinagdarasal at ipinagpasalamat.	Ipinapakita sa tula ang pagpapahalaga ng kababaihan sa mga taong sila ay may kaugnayan. Ipinapakita ditto ang pagiging mapagmahal at dedikado na indibidwal ng kababaihan.

Talahanayan 2 ay nagpapahayag ng paghahambing ng mga tula sa pagtanggap at estatus ng kababaihan sa lipunan.

Pamagat ng Tula	Kultural	Pagtanggap sa Kababaihan	Estadus ng Kababaihan
Kung Ibig Mo Akong Makilala	Pagpapahalaga sa damdamin at pagkatao ng isang babae	May pagbabago na ang pagtanggap ng lipunan sa kababaihan. Natutunan ng tanggapin ng lipunan ang pagpapahiwatig ng kababaihan para ipadama ang kanilang kagustuhan at kahandaan sa pagkakaroon ng pakikipag-ugnayan sa isang lalaki.	Mas liberal o mas Malaya na ang kababaihan hinggil sa kanilang katangian at sekswalidad. Nagpapakita na sila ng mga kagustuhan sa pakikisalamuha sa kalalakhian na mananatili ang reputasyon at galang sa sarili.
Pilipino Ako	Pagpapahalaga sa bayan at pagkatao	Tanggap na sa lipunan ang pagpapakita sa kanilang pananaw at kaisipan ayon sa diwa ng kalinangang Pilipino	Nakikibaka na sa kasalukuyan ang kababaihan sa pagpapanampalataya at pamumuhay sa pagpapaunlad ng isang bansa
Pinay sa Sydney Airport	Pagmamahal sa pamilya	Kultura nan g mga Pilipina ang pagiging mapagmahal at maingat ang pamilya. Noon pa ay tanggap nan g lipunan na may pagpupunyagi ang kababaihan upang mapainam ang ugnayan ng bawat pamilya	Mas malinaw na ang paglalarawan ng mga babae bilang maalaga at mapagmahal sa pamilya.
Liham ni Pinay sa Japa	Magandang relasyon ng babae sa kanyang pamilya	Pangunahing nakatuon sa mag-anak at mga anak ang buhay ng isang Pilipina. At sa kasalukuyan, tanggap na ng lipunan na kumayod at magkaroon ng mataas na pagtingin sa responsibilidad para sa pamilya.	May gampanin na sa pagpapasyang pangmag-anak ang pangmakabagong-panahong kababaihan. Ang mga kababaihan ay may pang-ekonomiyang kalayaan na upang magtrabaho at mabigyan ng magandang kinabukasan ang sariling pamilya.
Kamanyang kay Tita Terry	Pagmamalasakit at pagkamakabayan	Sa pangkalahatan, binigyan na ng pinsan ng lipunan ang kapangyarihan ng kababasa ihan hinggil sa pagsasagawa ng mga pangkaunlarang pagbabago	Naging pangunahing gawain ng mga pinunong kababaihan ang pagtataguyod ng makakababaihang paksa na nagpapainam sa kabuuan ng lipunan.
Ang mga Balita	Pagmamalasakit at pang-alipusta ng lalaki sa kanyang mga kababayan sa ibang bansa.	Ang pagkakapantay-pantay na katayuan ng mga kababaihan sa lipunan ang pinaka-radikal na pagbabagong nasaksihan ng lipunan ng tao.	Malaki na ang antas ng kapantayang makabatas ang .natamasa na ng kababaihang nasa lipunan ng Pilipinas. Sila ay napoprotektahan na ng batas laban sa anumang gawaing karahasan.
Ang Aking mga Namatay	Ang pagpapanatili ng mabuting relasyon sa pamilya kahit ito'y wala na sa mundo ng buhay.	Nasa nakagisnang tradisyon na ng mga Pilipina ang pagpapahalaga ng mga yumaong mahal nila sa buhay.	Para sa kababaihan, kasinghalaga ng mga buhay na kamag-anak ang mga namatay na nilang mahal sa buhay.
Babaylan	Tungkol sa relasyon ng magkaibigan na handing magdamayan	Pinahalagahan na ng lipunan ang pagiging malapit sa kapwa ng kababaihan.	Ngayon, nag-aangkin ng malaking kapangyarihan ng malaking kapangyarihan ang kababaihan sa diwa ng pag-alaga a at pagpapahalaga ng isang relasyon, sa pamilya man o sa hindi kasapi ng mag-anak.

4. Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusuod na konklusyon:

- Sa tugon ng feminismong pananaw ayon sa aspetong diskors, lumalabas na ang mga paksang inilahad ng babaeng manunulat ay tungkol sa pakikipaglaban ng babae sa kanyang sarili, pamilya at sa bayan

at ang pagbangong muli ng mga babae mula sa pighating kanilang naranasan sa buhay. Ipinahiwatig lamang nito na ang babae'y lubhang mahina, marupok at kaya-kayanan ng mga lalaki subalit sa kabila ng mga kabiguan o kasakitang kanilang naranasan, sila'y natututong bumangon at lakas loob na hinarap ang panibagong buhay. Sang-ayon ito sa pag-aaral na ginawa ni Marquez na nagsaad na ang mga tauhang babae sa teksto, bagamat kinakitaan nang kahinaan sa simula, sa bandang huli naman ay naiaangat nila ang sarili sa lipunan.

- Sa tugon ng feminisong pananaw ayon sa aspetong diskriminasyon, ay lumalabas na may kalayaan na ang mga babae na gawin ang nais nila sa buhay at makapagpasya ng para sa kanilang sarili. Samakatuwid, ang mga babae ay matatapang, malalakas ang loob sa mgat hindi nagpapadaig sa mga taong nais manakit o magdikta sa kanilang buhay.
- Sa tugon ng feminisong pananaw ayon sa aspetong tema, ay lumalabas ang pagkamatapang ng kababaihan dahil naglalahad ito tungkol sa pagbangong muli ng mga kababae mula sa pighating kanilang naranasan sa buhay. Ipinahiwatig lamang nito na ang babae'y lubhang mahina, marupok, at kayan-kayanan ng mga pagsubok subalit sa kabila ng mga kabiguan o kasakitang kanilang naranasan, sila'y natututong bumangon at lakas- loob na hinarap ang panibagong buhay. Sang-ayon ito sa pag-aaral na ginawa ni Marquez.
- Sa tugon ng feminisong pananaw ayon sa aspetong kultural, Ipinahiwatig lamang nito na ang mga babaeng manunulat ay may pagpapahalaga sa katauhan ng isang babae, na ang mga babae ay pagpapahalaga at pagmamahal sa pamilya, na ang babae ay may pagpapahalaga din sa lipunan na kanyang ginagalawan nasasalamina sa akda ang pagiging maaalanan ng tauhan sa bawat tula.
- Sa paghahambing ng kultural ng mga tula sa estadus at pagtanggap ng kababaihan sa lipunan, lumalabas na ang mga tulang isinabig ng feminisong manunulat ay nakatulong din upang mapalitaw ang tunay na estadus at pagtanggap ng isang babae. Masasalamina sa mga pananalita ng mga babae kung sila ay mahihina, matatapang o malalakas ang loob. Kaya dahil sa pahayag na ito, pinatutunayan na ang teoryang feminism ay nasilang bunga ng paghihimagsik sa kaisipang, ang kababaihan ay karaniwang inilalarawan sa simplistiko at nakatakandang paraan-masamang babae/birhen, mayumi/marahas, masamang impluwensya sa kalalakihan, emosyonal, irasyunal, histerikal, walang utak, pantahanan lamang, walang buhay sa labas ng kanyang pamilya. Ipinapakita ng babaeng may-akda kung ano ang kakayahan ng kababaihan sa tulong ng kanyang mga akda. Magbago man ang takbo ng pamumuhay ng tao sa mundo hindi pa rin makalilimutan ang magagandang kulturang ipinamana sa atin.

4.1 Implikasyon

Kasalamina ng mahahalagang implikasyon hinggil sa pagpapahalagang moral, na nakasentro sa pagkilala at pagtitiwala sa Dakilang Lumikha, sa pakikipamuhay nang maayos at sa pag-ambag sa kalinangan at kagalingang panlipunan ng bansa. Nangingibabaw man ang kahinaan at di-pantay na hustisya at iba pang nagagawa sa bawat kahinaan nang babae'y malinaw pa ring binibigyang hustisya at nagagawa ng manunulat na baguhin ang pananaw ng mga babaing mahihina at nagpapa-under, naitatak sa isipan, na ang babae'y hindi lang tagasunod sa gusto nang lalaki, hindi lang pambahay at pangkama kundi ang babae ay kapantay nang lalaki. Mula sa isip, damdamin at mga kayang gawin. Ang lalaki ay hindi lagging lalaki, ang lalaki rin pala ay nagiging babae rin, babaing tagasunod sa gusto ng iba at walang sariling desisyon, babae dahil walang diskarte sa buhay

4.2 Rekomendasyon

- Gamitin ang tula upang matukoy ang katotohanang nagaganap sa lipunan.
- Gawing lunsaran sa pagtuturo ng wika ang mga tula upang pag-usapan sa klase ang estadus at

pagtanggap ng kababaihan sa lipunan ng sa gayon ay mapag-isipan ng mga mag-aaral ang dapat na gawing hakbang upang maging maayos at magkaroon ng pantay na karapatan.

- Isama sa kurikulum ang pag-aaral sa gender sensitivity upang magkaroon ng pantay na pagtingin sa mga lalaki at babae. Sa lipunang patriyarkal.
- Upang maglahad ng katotohanan sa buhay ng kababaihan, iminumungkahing magsulat ng mga akda o magsagawa ng mga feminisong pag-aaral na binibigyan halaga ang kakayahan ng babae bilang nilalang na nakatutulong sa pagpapa-unlad ng isang bansa at mga kababaihang may kanya-kanyang propesyon sa buhay at hindi isang simpleng maybahay lamang at iyong may matataas na kamalayan sa mga gawaing panlipunan.

Mga komento sa nasuring pag-aaral:

- Masusing nailahad ang pagsusuring feminismo sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo.
- Malinaw at tumpak na isinalaysay ang apat na aspeto sa pagsusuri sa iba't ibang tula.
- Komprehensibo ang nagawang pananaliksik.
- Nakikitaan ng paghahambing sa pagitan ng apat na aspeto at ang pagtanggap at estatus ng kababaihan sa lipunan ayon sa metodo na ginamit.

5. Talasanggunian

Abadilla, Alejandro, *Mga Piling Katha*, Manila: National Bookstore Inc. 2001.

Panopio, Isabel S., et al, *Society and Culture*, Quezon City: Katha Publishing Co., Inc., 2007.

Reyes, Soledad S., *Kritisismo: Mga Teorya Para sa Epektibong Pagtuturo ng Pantikan*, Pasig: Anvil Publishing Inc., 2000.

Villafuerte, Patrocinio V. et al, *Pagtuturo n Filipino: Mga Teorya at Praktika*, Valenzuela City, Mutya Publishing House, Inc., 2008.

<http://kakaali.i.ph/blogs/kakaalihi/2008/07/14/kababaihan-mahalaga-sa-lipunan> Web

[http://wakepedia.Mobi/en/National Commission on the role of Filipino Women](http://wakepedia.Mobi/en/National_Commission_on_the_role_of_Filipino_Women) Web